MJSIR
Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research
PRINT ISSN: 2619-7855
ONLINE ISSN: 2651-7744
January-June 2022 • 82 (1) : 20-32

# Ang Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo sa Larang ng Agrikultura

**Divinia K. Dominguez**

*Benguet State University-Buguias Campus*
*Author email address: bindominguez@yahoo.com*

ARTICLE INFO
*Date Received: 06-11-2021*
*Date Last Revised: 03-31-2022*
*Date Accepted: 04-04-2022*

SUSING SALITA
Wikang Filipino
Larang ng agrikultura
Wikang panturo

KEYWORDS
Filipino language
Agriculture
Medium of Instruction

**Abstrak**

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng wika sa proseso ng pagkatuto, nakasalalay dito ang lubusang pag-unawa sa mga paksang tinatalakay. Nilalayon ng pag-aaral na alamin ang gamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong basic qualitative at discourse analysis. Ang discourse analysis ay nagamit upang masuri ang paggamit ng wikang Filipino sa talakayan sa klase. Sa pagsusuri sa pahayag ng mga guro, lumabas na ang wikang Filipino ay ginagamit bilang estratehiyang pangkomunikasyon, wikang pantulong at panlinaw sa mga katawagang teknikal. Ang persepsyon naman ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino ay lumabas ang mga tema na madaling maintindihan ang paksa, madaling ipahayag ang ideya, mas masigla ang interaksyon at mas malalim ang mga ideyang ibinabahagi. Ayon naman sa mga mag-aaral ay mas madaling maintindihan ang mga katawagang teknikal, malayang naipapahayag at naibabahagi ang mga ideya at mas madaling naipapaliwanag ng mga guro ang paksa. Sa kabuuan, naipakita sa pag-aaral na nagagamit ang wikang Filipino sa mga talakayan sa agrikultura; may pagkakahawig ang persepsyon ng guro at mag-aaral; at kapwa sila naniniwala na nakatutulong ang wikang Filipino sa kanilang talakayan. Iminumungkahi ang pagpapatuloy sa paggamit ng wikang Filipino sa mga talakayan at magkaroon ng sariling pagsasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika upang mas mabisa at mahusay ang paggamit nito sa talakayan.

**Abstract**

*Language plays an important role in the learning process, the thorough understanding of the topic discussed depends on the language. This paper aims to know the use of Filipino language in teaching agriculture subjects. Basic qualitative design and discourse analysis was used in the study. Based on the responses, the following themes were derived; Filipino language is used to expand the discussion and is used to clarify technical terms. The perception of teachers on the use of Filipino language brought out the following themes; the students easily understand the topic, they can easily share their ideas, active interaction, and students can share deep thoughts about the topic. While students believed that using the Filipino language makes them easily understand technical terms, they are free to express and share their ideas and they believed that it is easy for the teachers to explain the topic. The study shows that Filipino language is used in discussions in agriculture subjects; there is a similarity with regards to the perception of the teachers and students, and both agree that Filipino language helps in their discussions. It is recommended that the use of Filipino language in discussion be continued, and students may have self-training in using the language for effective and better use of this in and during discussions.*

## Pambungad

Ang wika ay susi ng pagkakaunawaan sa loob ng silid-aralan (Benson, 2005). Taglay ng wika ang kakayahan na maisalin ang karunungan mula sa mga guro patungo sa kanyang mga mag-aaral. Sa pamamagitan din nito ay naipauunawa ng tao ang kanyang sarili at nakauunawa siya sa mga bagay sa kanyang paligid. Napauunlad niya ang kanyang kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng wika. Nagagamit din ang wika upang matugunan ang pangangailangan ng isang mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng mahusay na paggamit ng wika ay nalilinawan ang mga mag-aaral sa konsepto ng aralin at ito ay nagreresulta sa matagumpay na pagtuturo at pagkatuto. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang wikang ginagamit sa pagtuturo.

Sa pagsasakatuparan nito, mahalagang pagtuunan ang edukasyon. Ayon kina Battle at Lewis (2002), ang edukasyon ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pag-unlad ng isang indibidwal at binibigyang daan nito ang pagkakataon para sa mas mabuting pamumuhay. Tinitiyak ng edukasyon ang pagbuti ng mga kaalaman at kasanayan ng isang indibidwal upang maging produktibo ito at mapabuti ang kanyang kalidad sa buhay. Sa ikatatagumpay ng matatag na edukasyon ay isinasaalang-alang ang wika bilang isang napakahalagang salik. Kung ang wika ay imbakan ng karunungan, kailangan bigyang ng pansin ang katatasan dito upang sa gayon ay maihatid ang mga konsepto ng aralin.

Sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas, iniatas ni Pangulong Ferdinand Marcos noong 1969 sa pamamagitan ng Executive Order no. 202 na Presidential Commission to Survey Philipine Education (PCSPE) upang gumawa ng masusing pag-aaral sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon. Nakitang ang wika ng pagtuturo ang siyang nangangailangan ng pansin kung kaya pinagtibay na ang Filipino ang pangunahing midyum sa elementarya at ang bernakular ay pantulong na wika sa unang dalawang taon sa mga lugar na di hindi Tagalog. Samantalang ang Filipino at Ingles ang midyum sa sekundarya at tersyarya. Ang Wikang Ingles, Wikang Filipino, at ang unang wika ng mga mag-aaral (Aquino et al., 2001). Sa kabilang panig, isinalaysay ni Vega (2010) na noong 2003 ay iniatas ni Pangulong Gloria M. Arroyo na muling ibalik ang Ingles bilang pangunahing wikang panturo sa bisa ng Executive Order No. 210. Sa kabila ng kagandahan ng hangarin ng pagpapatupad nito, lumabas sa resulta ng Trends in International Mathematics and Science Study (TIMSS) noong 2003 na ang mga mag-aaral sa ikalawang taon sa sekundarya ay nasa ika-41 na ranggo sa 46 na kalahok. Maliban dito, ang pagganap ng mga mag-aaral sa National Achievement Test ay mababa rin. Sa isang milyong mag-aaral sa ikaapat na taon noong taong panuruan 2003-2005 ay sampung bahagdan lamang ang may mastery sa asignaturang Matematika. Maliban ditto noong 2006-2009, sa antas elementarya at sekundarya, naipakitang ang pitumpo't limang bahagdan ng mga bilang ng mga mag-aaral ay nasa below mastery.

Ang wikang Ingles, wikang Filipino at ang unang wika ng mga mag-aaral. Ang dalawang wikang unang nabanggit ay palagiang napapakinggan ng mga mag-aaral sa balita sa telebisyon, mga teleserye, maging sa mga pelikula. Samantalang ang unang wika ay araw-araw na ginagamit ng mga mag-aaral. Sa loob ng silid-aralan ay nagagamit ang wikang Filipino sa paglilinaw sa mga aralin. Sang-ayon ito sa sinabi ni Acelajado (1996) na kung dumarating ang mga pagkakataong hindi maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin na itinuturo sa wikang Ingles, ito ay ipinapaunawa sa wikang Filipino.

Binigyang-diin ng mga tagatugon sa pag-aaral ni Vizconde (2006) ang kahalagahan ng wikang Ingles bilang wikang panturo sa asignatura, subalit binibigyang-halaga rin ang paggamit ng wikang Filipino bilang 'support language' o wikang pantulong sa pagtuturo ng mga asignaturang teknikal. Napatunayan ito sa mga naisagawang mga pananaliksik nina Salazar (1996) sa larang ng Inhinyeriya, sa larang ng Matematika sa sinaliksik nina Broadway at Zamora (2018) at nagagamit rin sa pagtuturo sa Chemistry (Fajilan & Zafra, 2015).

Sa pagsusuri ni Deocampo (2011) sa mga language switching at pansosyal na gamit ng code switching na makikita sa interaksyon sa mga kalahok ng TV show sa Pilipinas. Lumabas sa pag-aaral na sila ay gumagawa ng paraan upang matugunan ang kasalatan sa komunikasyon. Ang mga tagatugon ay kadalasang ginagamit ang estratehiyang code switching. At iminumungkahing ang code switching ay isang mayamang tunguhin ng komunikasyon at maaaring gawing modelo

sa silid-aralan kung saan ang mga mag-aaral ay makapagpapahayag ng kanyang kaisipan.

Ayon sa Course Hero (2019), marami na ring salitang Filipino ang nagagamit sa agham upang mapanatili na ang mga terminong ito. Bagaman marami pang mga salitang walang katumbas sa Filipino, patuloy pa rin ang pagpapaunlad sa larangang ito upang mapagyaman at mapanatili tungo sa umuunlad na panahon.

Batay sa mga nabanggit, mahalaga ring malaman kung ano ang gamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa ibang larang tulad ng agrikultura. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik para isagawa ang kasalukuyang pag-aaral. Inaasahang sa pamamagitan nito ay mabigyang-pansin ang kahalagahan ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa iba-ibang disiplina. Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan nito ay magkaroon ng ideya ang mga guro sa iba-ibang asignatura kung paano gamitin ang mga ibang wika tulad ng Filipino bilang wikang pantulong sa pagtuturo.

Tinalakay sa papel ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng Agrikultura. Layunin nitong malaman ang paraan ng paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura, matukoy ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo at makabuo ng mungkahing gabay sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa larang ng agrikultura.

## Metodo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik. Ginamit ang disenyong basic qualitative at discourse analysis. Ang basic qualitative design (Bhandari, 2020) ay nagsasangkot ng pagkolekta at pag-aralan ang hindi numerong data halimbawa nito ay mga Teksto, video, o audio upang maunawaan ang mga konsepto, opinyon, o karanasan. Maaari itong magamit upang makalikom ng malalim na pananaw sa isang problema o makabuo ng mga bagong ideya para sa pagsasaliksik. Ang basic qualitative design ay karaniwang ginagamit sa mga humanities at agham panlipunan, sa mga paksa tulad ng antropolohiya, sosyolohiya, edukasyon, mga agham sa kalusugan, kasaysayan, at iba pa.

Ang pagsasagawa ng discourse analysis (Lou, 2019) ay nangangahulugang pagsusuri kung paano gumagana ang wika at kung paano nilikha ang kahulugan sa iba't ibang mga konteksto ng lipunan. Maari itong mailapat sa anumang halimbawa ng nakasulat o oral na wika, kasama na rin ang mga di berbal na aspeto ng komunikasyon tulad ng tono at kilos. Ang angkop na material na ginagamit para sa discourse analysis ay ang panayam at pag-uusap. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga ganitong uri ng diskurso, layunin ng mga mananaliksik na makakuha ng pag-unawa sa mga pangkat ng lipunan at kung paano sila nakikipag-usap.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Benguet State University - Buguias Campus Loo, Buguias, Benguet. Ang paaralang ito ay may kursong Bachelor of Agricultural Technology na may major na Horticulture at Animal Production. May kabuuang 21 bilang ang mga mag-aaral na nakatala sa taong-panuruan 2019-2020. Ang bawat mag-aaral na kumukuha ng kursong ito ay kailangang makatapos ng kabuuang 168 na yunit, 94 yunit dito ay mga asignatura sa agrikultura. Ang mga mag-aaral ay hindi gumagamit ng Filipino bilang unang wika.

May kabuuang labing-dalawang kalahok sa pag-aaral na ito, limang guro na nagtuturo ng mga major subjects sa kursong agrikultura at pitong mag-aaral na kumukuha ng kursong Bachelor of Agricultural Technology (BAT). Ang mga kalahok ay napili sa pamamagitan ng purposive sampling.

Upang masagutan ang mga suliranin sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay bumuo ng interview guide at nagsagawa ng panayam bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ginamit ang interview guide upang makuha ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng Filipino. Gumamit din ng voice recorder upang mai-record ang talakayan sa klase sa agrikultura.

Bago magsagawa ng panayam at recording sa klase ay humingi muna ng pahintulot mula sa dekana at tserman ng mga tinukoy na tagatugon. Humingi din siya ng pahintulot sa mga kalahok na guro para sa isasagawang pakikipanayam at pagrekord. Dahil sa karamihan sa mga kalahok ay hindi sumang-ayon sa paggamit ng video recorder,

napagkasunduang audio recorder ang gagamitin. Napansin din na hindi komportable ang mga mag-aaral sa pagdalo ng mananaliksik sa klase kung kaya napagkasunduan niya at ng mga guro na audio recording ang magagamit at ipinaalam ng mga guro sa mga mag-aaral na ang talakayan ay nakarekord.

Ang bawat guro ay nakuhanan ng apat o limang recording. Ang una at ikalawang record ay hindi nagamit sapagkat isinaalang-alang ang pagkakaroon ng asiwang pakiramdam ng mga kalahok na maaaring magdulot ng hindi natural na pagtugon o pagkilos sa klase. Tanging ikatlo hanggang ikalimang recording ang nagamit na may kabuuang labing-isang (11) recording mula sa apat na guro. Samantala, ang isang guro ay naging kalahok sa panayam. Ang mga datos na nakuha mula sa mga tagatugon ay inirekord at itinanskrayb. Sa isinagawang pakikipanayam, sinuri ang mga mahahalagang pahayag ng mga kalahok at ito ay sinuri sa pamamagitan ng coding at tematisasyon. Para mapatibay ang mga nabuong tema, inirekord ang isinagawang pagkaklase.

Ang pagrekord ay alinsunod sa schedule at gawain ng klase. Pinili ng mga guro na hindi isama sa pagrekord ang mga laboratory classes, bagamat may pag-uusap ay hindi naman palagian. Ipinakikita ng Talahanayan 1 ang mga klase sa agrikultura na inirecord ang talakayan.

## Paglalahad ng Resulta ng Pananaliksik

### Gamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo sa Larang ng Agrikultura

Ang agrikultura ay isang kursong teknikal kaya ito ay nangangailangan ng mas malawak na pagpapaliwanag. Bilang isang guro, kailangang maghanap ng paraan o estratehiya kung paano maipaunawa sa mga mag-aaral ang konseptong nais ibahagi sa kanila. Ayon kay Gorgonio (2012), sa kasalukuyan, ang wikang panturo ay isang mahalagang salik na kailangang bigyang pansin sapagkat ito ang susi ng pagkatuto at kung ano ang makakamit ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura.

Sa kasalukuyang pag-aaral, ang wikang Filipino ay ginagamit bilang wikang pantulong sa pagtuturo at panlinaw sa mga katawagang teknikal.

### Pantulong sa Pagpapalawig ng Talakayan

Nakita ng mga guro ang gamit ng Filipino sa pagbibigay-linaw sa mga konseptong pinag-aaralan. Napapansin din ng guro na sa pamamagitan ng pagpapaliwanag gamit ang Filipino ay nagiging payak ang komplikadong

**Talahayan 1**

*Ang mga Klase sa Agrikultura na Inirekord ang Talakayan*

| *Guro* | Asignatura | Paksa | Degree Program | Haba ng recording (Minuto) |
|---|---|---|---|---|
| | Ag Ed 103 | Plant Diseases | BAT | 47:03 |
| | Ag Ed 203 | Soil | BAT | 54:03 |
| | SSC 102 | Soil Fertility, Conservation and Management | BAT | 38:05 |
| | AnSc 101 | Animal Science | BAT | 39:05 |
| | AnSc 101 | Swine Production | BAT | 48:18 |
| | Ag Ed 101 | Different perspective of Agriculture | BAT | 33:09 |
| | Ag Ed 101 | Classified growth development either biotic or abiotic | BAT | 45:50 |
| | Ag Ed 201 | The current state, challenges and plans for Philippine agriculture | BAT | 50:25 |
| | Agri 1 | Fundamentals of Agriculture Engineering | BAT | 37:44 |
| | Ag Ext 101 | Com-Base Training | BAT | 28:31 |
| | Ag Ext 101 | Philosophies of Extension | BAT | 44:29 |

salita at mas madali itong unawain. Ayon sa kalahok: *Minsan kasi sa English ang terms ay medyo highfalutin kaya medyo ita-translate siya sa Filipino* (G3).

Sa pagpapaunawa rin ng mga aralin, ay malaking bentahe ang pagiging marunong ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at magandang pagkakataong samantalahin upang lubos na maipaliwanag sa kanila ang paksa. Sa ganitong paraan ay tuloy-tuloy ang daloy ng talakayan at hindi nagkakaroon ng sagabal sa pagtamo ng kaalaman sa paksa. Isang guro rin ang nagsabi na: *Pag iyong mag-aaral ay bihasa sa Filipino, mas naiintindihan nila* (G3).

Sa pagkakataong nagkakaroon ng komplikadong paksa na tinatalakay ay sinisikap ng guro na linawin ito gamit ang wikang alam ng kanyang mag-aaral. Ang paglilinaw sa mga salitang ito ay nagiging mabilis at magaan sapagkat ang konsepto ng aralin ang tuon ng mag-aaral at hindi ang pag-unawa sa salitang ginamit ng guro. Sa pagmamasid na isinagawa, sinikap ng gurong kumuha ng kaisipan mula sa mag-aaral:

> Guro: *So we have here a question. What hinders the potential for agriculture to improve nutrition?*
>
> Mga mag-aaral: (tahimik, walang sumasagot)
>
> Guro: *What hinders.... ano ba ang naintindihan niyo dito. What hinders the potential for agriculture to improve nutrition?*
>
> Mga mag-aaral: (tahimik pa rin)
>
> Guro: *Ano daw yong parang nakikita natin na sagabal sa potential or doon sa, kung baga possibilities ng agriculture na mabago or ma-improve yong ating nutrition. What do you think are the hindrances... or yong mga sagabal na pwedeng dapat yong agriculture tutulong sa pag-improve ng ating health, pero sa ating nutrition, pero bakit hindi nangyayari yon?*

May pag-aatubili ang mga mag-aaral sa pagsagot sa guro kung kaya't sinikap ng guro na linawin ang kanyang tanong sa pamamagitan ng pagtumbas at pagpapaliwanag sa tanong. Kung mas malinaw ang tanong ay makasasagto ang mga mag-aaral dito.

Mahalagang salik ang wikang Filipino sa pag-unawa sa mga paksa sa agrikultura dahil sa karamihan sa mga paksang ito ay teknikal. Sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo nito ay hindi na gaanong suliranin gaya noong mga nakaraan. Ayon kay Demeterio (2013), ang wikang Filipino ay handang-handa nang tumalakay sa iba't ibang paksa sa domain ng siyensya, at ito ay wikang naiintindihan ng mas marami nating kababayan at siyang magbubukas ng mga pagkakataong mapag-usapan at mapapakinabangan ang mga kaalamang natutuklasan natin mula sa iba't ibang larangan ng ating pananaliksik. Sang-ayon kay Ong (2016) na nagsabing ang paggamit ng Filipino sa mga asignatura ay nakapagdudulot ng katatasan sa wika at napapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

***Panlinaw sa mga Katawagang Teknikal***

Sa talakayan sa klase ay nababanggit ng guro ang mga teknikal na salita at kung minsan ay nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain at iugnay sa talakayan. Ipinaliliwanag ang teknikal na mga salita sa Filipino upang maging malinaw ang mga ito. Sabi ng isang guro, *ginagamit ang Filipino para ma-bridge yong gap ng technical terms sa common terms natin (G4).*

Ang mga teknikal na salita ay maaaring magdulot ng pagdadalawang-isip sa pag-unawa ng mag-aaral kung kaya't kailangang linawin ito. Makikita ito sa pagmamasid sa isa sa mga talakayan sa klase:

> Guro: *and regarding animals and plants, it says that there is a word known as symbiosis. So yong ibig sabihin ng symbiosis, it is well known biological situation in which at least two different kinds of organisms interact with benefit to both so, dapat nakikinabang yong dalawa.*
>
> Mag-aaral: *Example sir...*
>
> Guro: *Like for example si A and B, so magbarkada sila, they are, they both interact with each other. Napapakinabangan ni B si A, napapakinabangan ni A si B, hindi si A lang yong nakikinabang. Kasi kung si A lang yong nakikinabang, walang pakinabangan si B, anong tawag natin don? Parasite, enya?*
>
> Mga mag-aaral: *Yes sir...*

Guro: *So, sa domestication of animals, yon yong example of symbiosis. Yong pag-aalaga ng animal. Bakit natin tinatawag na symbiosis yon? So yong tao yong nagpapakain sa animals, and then in return, ano yong pinapalit ng animals sa pangangalaga ng tao? (G2)*

Ang mga teknikal na mga salita ay hindi gaanong nauunawan ng mga mag-aaral, sinisikap ng guro na mapagaan ang mga ito sa pamamagitan ng paghahanap ng mga pahayag sa Filipino upang lubos na maunawaan ito. Sa paggamit ng wikang Filipino na nagiging mas tiyak ang tinutukoy at angkop ang pagpapakahulugan nito. Ayon kay Tullao (2009), lalong makatutulong ang paggamit ng ating wika sa pag-unawa ng mga konsepto at teorya na naglalarawan ng ating mga pang-araw-araw na karanasang pangkabuhaya dahil naipakita ng mga dalubhasa ang kahandaan at pagigigng epektibo ng wikang Filipino (Demeterio, 2009).

## Ang Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino bilang Wikang Panturo

Sinikap ng pag-aaral na ito na alamin ang persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Inalam kung ano ang maitutulong nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa pagsusuri sa mga pahayag ng mga kalahok na guro at mga kalahok na mag-aaral ay nakita ang pagkakahawig ng kanilang persepsyon ukol sa paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga talakayan sa klase.

### *Mas Madaling Naiintindihan ang Paksa Gaya ng mga Teknikal sa Salita*

Naniniwala ang mga guro na mas madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang paksa. Sumasang-ayon ito sa persepsyon ng mga mag-aaral na mas madaling maintindihan ang mga katawagang teknikal. Kaugnay nito, lumabas din na tema sa persepsyon ng mga mag-aaral na mas madaling naipaliliwanag ng guro ang paksa sa kanila kung gamit ang Filipino. Ayon sa mga guro:

*Mas alam nila na, o mas naiintindihan nila, mas madali nilang makuha o maintindihan yong pinag-aaralan (G3).*

*Madaling maintindihan ng mga estudyante (G2).*

Samantala, sinabi ng mga kalahok na mag-aaral na:

*Kasi sa agriculture, marami yong terminologies kaya kailangang i-expand through Tagalog (M3).*

*Pag hindi namin maintindihan yong word or sentence. Kumbaga yong sentence eh, hindi namin maintindihan, unfamiliar words ng agriculture, mas mai-explain nila sa Tagalog (M6).*

*Pag minsan kasi pag hindi namin naiintindihan yong mga salitang nagagamit sa agriculture, yong mga terms ganun. Kaya nila isinasalin sa Filipino para maintindihan namin at para mai-share o maibahagi namin yong kaalaman namin tungkol doon (M7).*

Makikitang ang mga terminolohiya sa agrikultura ay hindi agad nauunawaan ng mga mag-aaral kung kaya nililinaw ito sa pamamagitan ng wikang Filipino. Hindi tinutumbasan ang mga teknikal na salita kundi ipinaliliwanag gamit ang wikang Filipino. Nagiging madali ang pag-uugnay-ugnay ng mga mag-aaral sa mga aralin o nasusundan nila ang daloy ng kaisipang ipinaliliwanag ng guro. Makikita ito sa isang bahagi ng talakayan sa klase:

G3: *And of course, regardless of the fact that the gross domestic product has been declining over the years. It is still important that we sustain agriculture in our country. Noong 1998 daw hanggang 2009, nagkaroon ng tinatawag natin na declining…* (huminto sa pagsasalita)

Mag-aaral: (tahimik, walang reaksyon at nakaantabay sa susunod na sasabihin ng guro)

G3: *Wenno binmababa ngay dyay Gross Domestic Product in the agricultural sector, so it declined from 13-14% bumaba siya ng 2% naging 11-12% na lang, noong 2017. So ano kaya ang mangyayari ngayong 2020? Bababa pa kaya? Kung titignan natin, yong Gross National Income and Gross Domestic Product ng agriculture. Philippine agriculture from 2014 bumaba siya noong 2017. Like for example sa agriculture and fishing noong 2013 ang Gross National Income, sa sektora ng agriculture at saka fishing ay 700, 1577.*

*As time passes nagkaroon ng decline, pero noong 2017, tumaas naman nang kaunti, that is only in the agriculture and fishing sector. So, the agriculture sector really, if it's not well sustained and it's not well supported by the government, it will basically decline. What does it mean to say? Production of farmers will decline, why? Ano kaya ang mangyayari kung hindi tayo susuportahan ng ating gobyerno tayong mga farmers dito?*

Mag-aaral: (Nagkakaroon ng bulungan bilang tugon sa tanong ng guro)

Napapansin sa talakayan na ang mga mahahalagang halimbawa ng mga kalagayan ay tinatalakay sa wikang Filipino. Sa paraang ito ay nagiging payak ang pagtalakay sa konsepto ng aralin. Ito ay nagbubunsod ng mga di berbal na tugon mula sa mga mag-aaral.

Masasabing hindi itinuturing na suliranin ng mga guro at mag-aaral ang mga teknikal na salita sa larang ng agrikultura sapagkat nililinaw ang mga ito sa wikang Filipino kaya hindi nahahadlangan ang pag-unawa. Sang-ayon kay Constantino (2015) na sa paggamit ng wikang banyaga bilang wikang panturo ay sagabal sa pag-iisip dahil sinasanay muna ang bagong tunog, tono at balangkas ng pangungusap kaya kadalasang pagsasaulo sa mga teorya at konsepto ang ginagawa ng mga mag-aaaral at hindi halos nauunawaan (Salazar, 1996).

### *Mas Madali, Malaya at Malalim ang Naipahahayag na mga Ideya*

Napapansin ng mga guro na mas madali at maayos na naipahahayag ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipang kaugnay ng talakayan kung may kalayaan silang gumamit ng wikang Filipino. Ang sabi ng mga guro ay:

*Minsan kasi yong mga estudyante, pag Filipino mas madali nilang mai-express ang kanilang ideya (G3).*

*Nu kayat mo nga ag-answer da, maymaysa lang ti agtakder nga agderetso ti agsungbat ti English, isunga nu maminsan, maymaysa lang ba ti estudyante ditoy kunak kenyada ta ni maymaysa ti sumungbat, ta kanyada kwa da siguro handa ma-express or day dadduma, awan ti idea da talaga. (Kung gusto mo silang sumagot, iisa lang ang tatayo na deretso ang sagot sa English, kaya kung minsan sinasabi kong iisa lang ba ang estudyante dito kasi iisa lang ang sumasasagot. Kasi hindi siguro nila ma-express or yong iba baka wala talagang ideya) (G1).*

Samantala, sinabi rin ng mga mag-aaral na:

*Sa isang ano rin ma'am, nakakatulong yong Filipino sa mga conversation between students and teachers. Parang napapadali yong komunikasyon namin (M4).*

*Nakakatulong siya ma'am kasi mas nauunawaan namin yong sinasabi ng teachers pag kasi tina-tagalog niya, pag hindi kami nagre-respond. I-kwan niya sa Tagalog, tapos doon na kami makakasagot (M6).*

*Kapag yong may tinatanong siya sa amin tapos, kapag sumasagot kami eh, nalalayo yong sagot namin sa topic. Kaya isinasalin niya sa Filipino yong tanong para maintindihan namin, para hindi kami ma-out of the topic (M7).*

Sa talakayan sa klase ay hindi lamang guro ang nagsasalita, nagkakaroon din ng pagkakataong magpahayag ng kaisipan o kaya ay mga tanong ang mga mag-aaral at napadadali ito kung wikang Filipino ang kanilang ginagamit sa pagsasalita. Naipakikita ng mga pahayag na maluwag o relaks ang mga mag-aaral sa wikang gamit nila. Mahalagang salik ang wika sa pakikibahagi ng mga ito sa talakayan at gawaing pang-silid aralan.

Batay sa pahayag ng mga kalahok, malaking tulong kung bibigyan sila ng kalayaang gumamit ng wikang Filipino upang madali nilang masabi ang kanilang mga ideya at nagiging mabilis ang paglilinaw sa mga kaisipang malabo para sa kanila. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang kalagayan sa klase:

Guro: *Ito, what do you think are the reasons why crops have sector? Crops have sector or the Philippines and other ASEAN countries are performing very bad or very poor when it comes to agriculture? Ano sa tingin natin kaya ang mga dahilan kung bakit yong productivity natin ay mababa?*

Mag-aaral: *Kulang sa technology.*

Guro: *Aside from sa, yeah, kulang ng suporta, kulang ng technology, ano pa?*

Mag-aaral: *Not literate.*

Guro: *Not literate? What do you mean by that not literate?*

Mag-aaral: *Parang kulang sa knowledge na...*

Guro: *Kulang sa knowledge na, anong klase ng knowledge? Information about agriculture? Ano pa, ano pa sa tingin natin yong mga dahilan kung bakit kaya sinasabi nila na very poor or very low yong productivity sa sektura ng Philippine Agriculture?*

Sinikap ng guro na makakuha ng sagot mula sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga tanong sa Filipino upang makahikayat pa ng mga sagot mula sa mga mag-aaral. Nagkakaroon lamang ng kagyat na tugon kung malayang nagagamit ng mag-aaral ang wika kung saan siya komportable, Sang-ayon ito kay Badayos (1999) na ang kakayahan ng mag-aaral na mag-isip at gumamit ng wika ay magkaugnay kung kaya ang pagiging aktibo at pagiging masigla ng talakayan ay nakasalalay sa uri at paraan ng paggamit ng wika sa mga kalahok sa isang talakayang pangklasum (Pagkalinawan, 2015). Kailangang maging maunawain ang guro sa uri ng wikang ginagamit ng mag-aaral upang maiwasang mabawasan ang kumpiyansa ng mag-aaral na makipag-usap sa kanila (Fillmore & Snow, 2000).

Ang malayang paggamit ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pakikiisa sa mga talakayan sa klase ay nagbunsod ng mas malalim na pag-iisip ng mga mag-aaral kung kaya nakapaglalahad ng mga malalim na ideya.

***Mas Masigla ang Interaksyon***

Naipakita ng pag-aaral na kung gumagamit ang guro ng wikang Filipino ay nagkakaroon ng pagkakataon na sumagot ang mga mag-aaral sa pagkat hinayaan silang gamitin ang wika kung saan sila ay bihasa. Ayon sa isang guro:

*Tumutugon din sila sa Filipino kapag tinatanong sila (G1).*

*Sa lahat ng discussion, bale mixed ang English, Filipino at Kankanaey (G2).*

Nakita rin ito sa talakayan sa klase:

Guro: *And doon sa domestication, it says here that, generally, the people involved in the domestication of animals. So Una, we have yong, old stone age, and then, yong pangalawa yong new stone age. So yong old stone age, yong tao, gumagamit lang ng stones, yes bato, as implements in hunting. So kung ano yong pwedeng gamitin, yon yong ginagamit nila. And then sa new stone age, natuto na yong tao na mag-alaga, so the man who tame and confine animal which were hunted for food. So don sa natutunan ng tao na mag-alaga, doon na nagsimula yong tinatawag nating agriculture. Yes, agriculture, kasi before, sino ba yong naunang nilikha ng Diyos na tao.*

Mag-aaral: *Adam and Eve.*

Guro: *Yes, Adam and Eve, so, noong nilikha sina Adam and Eve, nakatira sila sa paraiso, tama ba?*

Mag-aaral: *Yes.*

Guro: *And then, sa paraiso na yon, nandun lahat yong kailangan, ano ba yong kailangan nila?*

Mag-aaral: *pagkain...*

Guro: *Pagkain, tirahan, ano pa? Ako ba? Kayo naman. So 'yon, maganda yong buhay nila sa paraiso, and then, ano ba ang ginawa, bakit sila umalis sa paraiso?*

Mag-aaral: *Nilabag nila ang batas ng Diyos.*

Guro: *Nilabag nila ang batas ng Diyos. Yes, nilabag nila ang batas ng Diyos dahil sa kagagawan ng?*

Mag-aaral: *Ahas.*

Guro: *Yong ahas? Dahil sa ahas ba? Di ba mayroong sinabi ang Diyos na wag kakainin? But ano ba ang ginawa nila?*

Mag-aaral: (bulungan)

Guro: *Kinain nila yong bawal. So ano yong bawal na yon?*

Mag-aaral: (sabay-sabay ng pagsagot)

Guro: *Yong mansanas. So noong kinain nila yon. Para hindi kayo mag-anuhan kung sino ang may kasalanan dun, Sabihin natin kinain yong bawal, so yong pinalayas sa paradise. So nung lumayas sila sa paradise, so yon na maghanap na ng makakain, so yon yong sinasabi nating old na stone age, habang tumatagal, maybe nagkaroon sila ng family and then habang may pamilya, kailangan yong pagkain, and people before are nomadic, they transfer from one place to another, Kung saan may pagkain doon sila titira. And then habang tumatagal, na-realize nila na mahirap yong palipat-lipat. Sinubukan nilang magtanim ng pwedeng makain, and nasubukan nilang nag-tame ng animals. So they domesticate the animals. So ano ba yong unang animal na na-domesticate. Yong?*

Mag-aaral: *Aso.*

Ang isang bahaging ito ng talakayan ay masigla ang pakikiisa ng mga mag-aaral. Maliban sa ang paksa ay alam ng nakararaming mag-aaral, binigyan sila ng pagkakataong sumali sa talakayan gamit ang wika kung saan sila ay bihasa. Sa pagbibigay ng mga katulad na pagkakataong ito ay naiuugnay ang talakayan sa totoong kalagayan, bagay o pangyayari sa bukid, sa pagsasaka maging mga salaysay na alam na nila. Nagiging kawili-wili ang pagsali sa talakayan at gawaing pansilid-aralan ng mga mag-aaral. Pinatotohanan ito ni Sevilla III sa panayam nina Fajilan at Zafra (2015) na mas nagiging bukas ang mga bata sa pagtatanong at pagpapahayag ng kanilang naiisip sa aralin kasi nawawala ang inhibisyon dahil Filipino ang gamit, bunga nito ay nagaganyak ang masiglang interaksyon sa klase (Mendillo Jr., 2016).

**Mungkahing Gabay sa Paggamit ng Filipino bilang Wikang Pantulong sa Larang ng Agrikultura**

Naisaad sa Artikulo 14, Seksyon 6 ng Bagong Konstitusyon na: "Subject to the provisions of Law and as the congress may deem appropriate, the government shall take steps to initiate and sustain the use of Filipino as a medium of official communication and as language of instruction in the educational system." Kung kaya sa kasalukuyan, ang Filipino ay hindi na lamang wikang pambansa ng Pilipinas kundi ginagamit na ring wikang pantulong o wikang panturo sa iba pang larang.

Batay sa lumabas sa pagsusuri sa mga pahayag ng mga kalahok sa pananaliksik, ang wikang Filipino ay ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa kanilang talakayan. Naipakita ng pananaliksik na nakatutulong ang wikang Filipino upang mas maging malinaw ang pagtalakay sa mga asignatura sa larang ng agrikultura. Binuo ang mungkahing gabay ng ito upang maging sanggunian ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Kapag may mga paksang mahirap maipaliwanag gamit ang wikang Ingles, maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng wikang Filipino (Gabay 1).

Ang mga pagkakataong nagkakaroon ng kakulangan sa salitang gagamitin o kahirapan sa pag-aalala sa gagamiting salita ay mabisang gamitin ang wikang Filipino. Paraan ito upang maging tuloy-tuloy ang komunikasyon ng dalawang panig ng nag-uusap.

Ito ay maaaring gamitin sa mga pagkakataong hindi tinutugon ng mga mag-aaral ang mga tanong dahil may pag-aatubili sa pag-unawa dito. Maaring ulitin o ipaliwanag kung ano ang hinihingi ng tanong sa pamamagitan ng paglilinaw gamit

**Gabay 1**

| Layunin | Learning Gap | Kalagayan o pagkakataong paggagamitan | Kasanayan sa Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| Maging tuloy-tuloy ang daloy ng talakayan sa klase | Hindi malinaw sa konsepto ng aralin | Sa mga pagkakataong may kakulangan sa salitang gagamitin o kahirapan sa pag-aalala sa gagamiting salita | Kasanayan sa pakikipagtalastasan |

ang wikang Filipino; ang mga mag-aaral ay nahihirapang makapagpahayag ng mga kaisipan o sagot sa mga tanong ng guro. Magaganyak ang mag-aaral na magbahagi o malahok sa talakayan kung siya ay may kalayaang gumamit ng wika kung saan siya ay komportable.

Kapag may mga katawagang pang-agrikultura na kailangang ipaliwanag, gamitin ang wikang Filipino sa paglilinaw nito (Gabay 2).

Upang mas malinaw ang mga katawagang teknikal partikular ang mga katawagang pang-agrikultura, gamitin ang wikang Filipino bilang pantulong na wika upang maipaliwanag ang kahulugan nito. Ang mga katawagang ito, kahit walang tiyak na katumbas sa Filipino ay maaaring maipaliwanag at linawin gamit ang wikang ito. Sang-ayon ito sa sinabi ni Demeterio (2009) na sa larangan ng agrikultura at pangangalaga ng hayop, medisina at sa mga panimulang pag-aaral ng agham sa kolehiyo ay naipakita ng mga dalubhasa ang kahandaan at pagiging epektibo ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa agham. Panatilihin ang orihinal na anyo ng teknikal na salita at bigyang linaw sa pamamagitan ng wikang Filipino. Napapagaan nito ang pagtalakay sa mga teorya at katawagang teknikal kung kaya't nagkakaroon ng mas malinaw na pag-unawa dito at mas masiglang interaksyon sa klase.

Gamitin ang wikang Filipino sa pagbibigay ng halimbawa para mas madaling maunawaan (Gabay 3).

Likas na teknikal ang mga paksa sa agrikultura at sa mga talakayan ay mas nagiging tiyak at malinaw ang aralin kung may mga halimbawang makatutulong upang ganap na mailarawan ang mga konsepto. Ang wikang Filipino katulong ang unang wika ng mga mag-aaral ay nakatutulong nang ganap sa paglalarawan sa mga tiyak na kalagayan o suliranin sa pagsasaka at iba pang paksa sa agrikultura. Sa ganitong paglilinaw ay nakabubuo nang malinaw na pag-uugnay ang mga mag-aaral sa mga talakayan. Gayundin, ito ay nagaganyak ng guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng positibong pananaw at napapahalagahan ang aralin at magkakaroon. Malaki ang impluwensya ng guro sa paglinang ng kakayahan ng mag-aaral (Gannaban, 2012), kung kaya't sa mga talakayan sa klase ay nakikita ito sa bawat talakayan.

**Gabay 2**

| Layunin | Learning Gap | Kalagayan o pagkakataong paggagamitan | Kasanayan sa Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| Mabigyang kahulugan ang mga teknikal na salita | Kalituhan dulot ng paggamit ng mga salita | Gagamitin ang wikang Filipino sa mga pagkakataong ang mga teknikal na salita ay hindi gaanong maiugnay ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay | Pagbibigay kahulugan sa mga salita<br><br>mabilisang pag-uugnay sa mga totoong kalagayan o kaalaman |

**Gabay 3**

| Layunin | Learning Gap | Kalagayan o pagkakataong paggagamitan | Kasanayan sa Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| Maibigay ang tiyak at angkop na halimbawa ng mga paksang tinatalakay | Kalituhan sa paksa | Ang mga aralin ay nangangailangan ng tiyak na paglalarawan sa halimbawa | Madaliang pagkilala sa mga konsepto ng aralin<br><br>Pag-uugnay ng mga kaisipan |

Kapag may mga konseptong kailangang linawin, maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng wikang Filipino (Gabay 4).

Ang mga aralin sa agrikultura ay nangangailangan ng paggalugad sa iba't ibang salik at sanligan ng isang tiyak na kalagayan o suliranin. Sa pagpapaunawa sa komplikadong konseptong mga ito, nakatutulong nang malaki ang wikang Filipino, sa ibang mga pagkakataon ang unang wika ay nagagamit kasabay ng wikang Filipino. Nababawasan ang kalituhan sapagkat nakatuon ang isip ng mag-aaral sa pag-unawa sa konsepto ng aralin at hindi sa pag-unawa sa wikang ginagamit sa pagpapaliwanag. Ayon nga kay Salazar (1996) kung ang talakayan at babasahin ay Ingles, karaniwang isinasaulo na lamang ng mag-aaral ang teorya at konsepto nang halos hindi nauunawaan. Sa ganitong kalagayan ay naisasantabi ang ganap na pag-unawa sa konseptong dapat pag-aralan.

Gamitin ang wikang Filipino sa malayang talakayan dahil mas nahihikayat ang mga mag-aaral na makilahok kapag komportable sila sa wikang ginagamit (Gabay 5).

Sa mga talakayan sa klase, ang pagbibigay ng kalayaan sa mga mag-aaral na gamitin ang wikang alam, nauunawaan, nagagamit nang may katatasan at komportableng wika ay nakahihikayat ng masiglang paglahok sa talakayan sa klase. Ang paglahok ng mga mag-aaral ay makagaganyak ng mayamang pagbabahagi ng mga kaalaman kung kaya't mas napalalawak at napalalalim ang pagkatuto sa mga paksa. Sang-ayon ito kay Constantino (2015) na napipigil ang malayang pag-iisip ng mga mag-aaral kung wikang panturo ay iba sa ginagamit sa labas ng klase. Yamang natukoy na may mga mag-aaral na komportable sa wikang Filipino na gamitin ito sa mga klase sa agrikultura ay masasabing makatutulong ito upang mapahusay at mapalalim pa ang kanilang kaalaman sa larang na ito.

**Gabay 4**

| Layunin | Learning Gap | Kalagayan o pagkakataong paggagamitan | Kasanayan sa Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| Malinawan ang mga konsepto ng paksa | Kalituhan sa pag-uugnay sa mga kaisipan | Ang pagtalakay ay nangangailangan ng pagpapaliwag. | Mabilisang pagtukoy sa kaisipan ng paksa<br><br>Lubusang pag-unawa sa aralin |

**Gabay 5**

| Layunin | Learning Gap | Kalagayan o pagkakataong paggagamitan | Kasanayan sa Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| Makahikayat ng masiglang talakayan sa klase | Kalituhan sa konsepto ng aralin | Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kalituhan sa aralin dulot ng hindi pagtatanong o paglilinaw sa konsepto ng aralin | Kasanayan sa mabisang paglalahad ng kaisipan |

## Kongklusyon

Batay sa nasuring mga pahayag ng mga tagatugon sa pag-aaral na ito, nabuo ang sumusunod na konklusyon: Nagagamit ang wikang Filipino sa mga talakayan sa mga asignatura sa agrikultura; May pagkakahawig ang persepsyon ng guro at mag-aaral tungkol sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura, at kapwa naniniwala ang mga guro at mag-aaral na nakatutulong ang wikang Filipino sa pagtalakay sa mga paksa sa agrikultura.

## Rekomendasyon

Mula sa mga kinalabasang resulta ng pag-aaral nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon: Ipagpatuloy ang paggamit ng wikang Filipino sa talakayan sa klase ng agrikultura; Magkaroon ng sariling pagsasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika upang mas mabisa at mahusay ang paggamit nito sa talakayan at magkaroon ng iba pang kaugnay na pag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa larang ng agrikultura para sa mas ikahuhusay ng pag-unawa.

## Talasanggunian


Acelajado, M. (1996). Epekto ng mga Wikang Filipino at Ingles bilang Midya sa Pagtuturo ng Aljebra sa Antas ng Pagkatuto at Atityud ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo. *Malay, 13*(1). https://ejournals.ph/article.php?id=7823

Aquino, F., Callang, C., Bas, H., & Capili, C. (2001). Sining ng Komunikasyon. Kadena Press, Inc. Queszon City, Philippines.

Badayos, P. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Istratehiya*. Grandwater Publications and Research Corporation. Makati City. ISBN 971–725-050–2.

Bhandari, P. (2020). What is Qualitative Research? Methods and Examples. *Scribbr*. https://www.scribbr.com/methodology/qualitative-research/

Battle, J., & Lewis, M. (2002). The Increasing Significance of Class: The Relative Effects of Race and Socioeconomic Status on Academic Achievement. *Journal of Poverty*, *6*(2), 21-35. https://doi.org/10.1300/J134v06n02_02

Benson, C. (2005). *The Importance of Mother Tongue Schooling for Education Quality: Universal Education, Science and Culture Organization*. Commissioned study for EFA Global Monitoring Report 2005.

Broadway, M.S.D., & Zamora, N.C.L. (2018). Ang Filipino Bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng isang Pribadong Paaralan. *The Normal Lights, 12*(1), 67-99. https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/761

Constantino, R. (2015). Intelektuwaslismo at Wika. *Daluyan Journal ng Wikang Filipino*, *1*, 8-12. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4939

Course Hero. (2019). Filipino Bilang Larangan at sa Iba't Ibang Larangan. University of Santo Tomas. Lecture Note. https://www.coursehero.com/file/p1g1ntsp/ang-mga-batas-natin-ay-nakalimbag-sa-Filipino-mga-mambabatas-pangulo-at-mga/

Deocampo, M.F. (2011). The Constraints and Social Functions Influencing Language Switching: A Study of Television Shows in the Philippines. *The New English Teacher: An International Journal, 5*(2), 56-88. https://repository.au.edu/items/89b7f7e7-c34b-4d18-8622-481ed2ae24f3

Demeterio, F. (2009). Ang Mga Teorya ng Relatividad ni Albert Einsteinn: Isang Pagsusuri sa Kahandaan ng Wikang Filipino sa Pagtalakay sa mga Paksa ng Makabagong Agham. *Malay, 21*(2), 71-89. https://www.researchgate.net/publication/247905009_Ang_mga_Teorya_ng_Relatividad_ni_Albert_Einstein_Isang_Pagsusuri_sa_Kahandaan_ng_Wikang_Filipino_sa_Pagtalakay_sa_mga_Paksa_ng_Makabagong_Agham

Demeterio, F. (2013). Ang Paglubog nina Hippokrates at Galen sa Kaunlaran: Isang Interpretasyon sa Anyo ng Siyentipikong Rebolusyon sa Larangan ng Medisina. *Kritike: An Online Journal of Philosophy,* 7(1), 47-68. https://doi.org/10.25138/7.1.A.4

Fillmore, L., & Snow, C. (2000). *What Teachers Need to Know About Language*. Clearinghouse on Languages and Linguistics: Special Report. https://www.ventrislearning.com/wp-content/uploads/Wong_Fillmore-2000.pdf

Fajilan, W., & Zafra, R.B. (2015). Ang Paggamit at Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Agham: Panayam kay Prop. Fortunato Sevilla III. *Hasaan Journal, 2*, 116-122. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-116-123-2-8.pdf

Gorgonio, J.P.R. (2012). Use of Filipino and English in Social Studies Learning. *University of San Carlos Graduate Journal*, *24*. https://www.researchgate.net/publication/317231828_USE_OF_FILIPINO_AND_ENGLISH_IN_SOCIAL_STUDIES_LEARNING

Gannaban, M. (2012). Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. *Dalumat Ejournal, 3*(1), 15-28. https://www.researchgate.net/publication/318528545_Isang_Pagsusuri_sa_Persepsyon_sa_at_Aktwal_na_Kahusayang_Pampagtuturo_ng_Guro

Lou, A. (2019). Critical Discourse Analysis Definition, Guide & Examples. *Scribbr*. https://www.scribbr.com/methodology/discourse-analysis/

Mendillo Jr., B. (2016). Sa pagbanggit ni Ong, G. March 2, 2016. Teaching Various Courses Using Filipino Pushed. *The Philippine Star*.

Pagkalinawan, L. (2015). Ang Gamit ng Filipino sa mga Talakayan sa Klasrum sa University of Hawaii. *Malay, 28*(1), 52-66. https://ejournals.ph/article.php?id=8089

Salazar, C. (1996). Ang Filipino sa Inhinyeriya. *Malay, 13*(1), 122-126. https://ejournals.ph/article.php?id=7831

Tullao, T.S. Jr. (2009). Ekonomiks sa Diwang Filipino: Halo-Halo, Tingitingi at Sari-sari. *Malay*, *22*(1), 101-112. https://ejournals.ph/article.php?id=7961

Vega, S. (2010). Ang Patakarang Pangwika sa Pilipinas At mga Pag-aaral Kaugnay Nito. *Elcomblus*. https://www.elcomblus.com/ang-patakarang-pangwika-sa-pilipinas/

Vizconde, C. (2006). Attitudes of Student Teachers towards the use of English as Language of Instruction for Science and Mathematics in the Philippines. *The Linguistics Journal, 1*(3), 7-33. https://www.researchgate.net/profile/Raphiq-Ibrahim/publication/238523130_Do_languages_with_cognate_relationships_have_advantages_in_second_language_acquisition/links/02e7e530b2e54e9530000000/Do-languages-with-cognate-relationships-have-advantages-in-second-language-acquisition.pdf#page=7